



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 28 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 21 AGOSTO 2000, IKA 9:30 NG UMAQA SA DULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY DANGAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo

Vice Mayor Gonzalo C. Sifal, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Balicos
Konsehal Ramil O. Dimapila
Konsehal Juanito A. Booy, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talena
Konsehal Eduardo G. Villamin

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo

Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 090
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAAROT NG TAUSPUSONG
PASAGALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG
DANGAY AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA
PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T** isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T** ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga mamumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karamingan ng mga taong bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T** isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong barangay at sa pamunuan ito.
- SAPAGKA'T** ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

SAPAGKAT sa Dangay na siyang ikadalawampung barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Agosto 21, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng Dangay


DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticas na sinang-ayunan ng lehat —

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taustapang pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Dangay at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Dangay sa pamamagitan ni OIC Punong Barangay Patronilo Tulamisan para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinaatibay ng lehat, Agosto 21, 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VICKI A. P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/